s

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County
Gabay para sa Politikang Pangangampanya

Habang papalapit ang pambansang halalan, ang mga pulitikang partido at kanilang mga pangangampanya ay maghahanda para suportahan ang kanilang mga kandidato, pati na rin ang lokal at pambuong estado na mga hakbang ng paghalal gamit ang balota. Mahalagang isaalang-alang kung paano kokonekta sa mga botante sa mga paraan na pinananatiling malusog ang parehong publiko at mga kawani sa pangangampanya at pinabababa ang tiyansa ng pagkakalantad sa COVID-19. Bagaman ang tradisyonal na panloob na pangangampanya at mga malakihang pagpupulong (rallies) sa pangangalap ng pondo, pakikipagkamay o "meet and greets" sa mga pribadong tahanan ay hindi pinapayagan, may marami pa ring ibang mga paraan para kumonekta sa mga botante. Binabalangkas ng dokumentong gabay na ito ang maraming paraan kung saan ang mga pangangampanya ay maaaring makipag-ugnay nang ligtas sa publikong botante.

Mga Digital na Pagpipilian

- Mga birtuwal na kaganapang pampulitika o webinar – ang mga digital na plataporma ay maaaring payagan ang mangilan-ngilan, daan-daan o kahit libo-libong tao na sumali sa isang video call sa kanilang telepono, tablet o kompyuter. Maaaring imbitahan ng mga kampanya ang mga tao na sumali sa pamamagitan ng pag-email o pag-text ng isang link o numerong tatawagan.
- Live na Streaming – Ang mga kaganapan ay maaaring i-stream sa mga platform ng social media sa mismong oras na ang mga ito ay nagaganap.
- Mga Email at Website – Ang komunikasyon at pangangalap ng pondo ay maaaring pasinayaan sa mga website ng pangangampanya at sa pamamagitan ng komunikasyon sa email.
- Digital na Pag-aanunsyo

Mga Tradisyonal na Pagpipilian na may Mas Mababang Panganib

- Pag-aanunsyo sa telebisyon at radyo
- Ang mga malalayang debate sa pagitan ng mga botante na ginaganap sa labas para panoorin ay pinapayagan kung ang lahat ng mga indibidwal ay may pagitan nang hindi bababa sa 6 na talampakan.
- Mga Pagtatagubilin gamit ang Telepono (Telebriefings)/Mga Kaganapang Pampulitika gamit ang Telepono (Tele Townhalls) – Pagkonekta sa maraming indibidwal sa pamamagitan ng malakihang conference calls.
- Telepono at Text Banks – Pagkontak sa mga botante nang isa-sa-isa para ipasabi ang mga isyu at makakuha ng puna o feedback.

Mga Bagong Pamamaraan na may Mas Mababang Panganib

Mga parada ng kotse na sumusunod sa gabay ng pampublikong kalusugan para sa pagpaparada ng sasakyan ay pinapayagan kabilang ang mga drive-in na kaganapan kung saan ang mga indibidwal ay maaaring tumanggap ng mga materyales sa pangangampanya o isang supot ng regalo o treat bag (limitado sa komersyal na naimpake na hindi nabubulok na regalo) o mga pinamimigay (treat away items) mula sa nag-organisa habang ang mga kalahok ay nananatili sa kanilang sasakyan.

Mga Pinapayagang Aktibidad na may Pinataas na Panganib

Habang ang mga birtuwal na kaganapan ay mariing inirerekomenda sa paglimita ng oportunidad para sa transmisyon sa komunidad, ang personal (in-person) na mga kaganapan sa pangangampanya ay pinapayagan sa panlabas na mga kapaligiran lamang. Ang mga isponsor at kalahok ay dapat na sumunod sa mga sumusunod:

- Ang mga pagsusuri sa sintomas ay isinasagawa bago ang mga bisita o tagpagsalita ay maaaring pumasok sa panlabas na pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga, lagnat o panggiginaw at kung ang indibidwal ay kasalukuyan sumasailalim sa mga utos pagbubukod o quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in, mga phone app, o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga ganitong sintomas ay hindi dapat pumasok sa nasasakupang lugar..
- Ang mga bisita na dumarating sa kaganapan ng pangangampanya ay pinaaalalahanan na magsuot ng pantakip ng mukha sa lahat ng oras habang nasa kaganapan at sa nasasakupang lugar. Ito ay nalalapat sa mga matatanda at sa mga bata 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng pantakip ng mukha ang hindi saklaw sa pagsusuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip ng mukha ay dapat na agad magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.
- Ang mga pagkain at inumin ay hindi maaaring ihain sa mga kaganapang ito
- Naipatupad na ang mga hakbang (maagang rehistrasyon, pagbibilang ng mga dumadalo sa pasukan) para siguruhin na ang pagdalo ay hindi hihigit sa bilang ng mga tao na kayang ipagkasya sa panlabas na espasyo na may pisikal na pagdistansya (ang mga hindi miyembro ng sambahayan na nakaupo o mga nakatayo na may 6 na talampakan ang layo).
- Ang mga lugar ng paradahan ay nirekumpigura na para limitahan ang mga punto ng pagtitipon-tipon at tiyakin ang wastong pag-aagwat (halimbawa, sinasarahan nang salitan ang espasyo).
- Tinukoy na ang mga malinaw na lalakaran sa pagitan ng mga lugar ng paradahan at iba pang mga punto sa pagdating at lugar kung saan idinaraos ang pagtitipon para mabawasan ang paninikip, para pahintulutuan ang pagsusubaybay ng pag-okupa at para may lugar na magagamit sa pagsusuri ng mga sintomas habang ang mga kawani at bisita ay pumapasok.
- Ang isang taong kawani (o mga taong kawani kung may higit sa isang daraanan) na may suot na isang telang pantakip ng mukha ay nakapuwesto sa simula ng lalakaran ngunit hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa pinakamalapit na dumarating o umaalis na tao para subaybayan ang paggamit ng mga pantakip ng mukha at subaybayan ang pag-okupa.
- Kung ang mga dadalo sa mga kaganapan ay dapat na maghintay sa pila bago sila maupo o sa anumang iba pang punto ng kanilang presensya sa lugar o site, ang mga pangmarka ay ginagamit para ipakita ang kinakailangang 6 na talampakang distansya sa pagitan ng mga indibidwal.
- Kinumpigura ang mga panlabas na lugar para pahintulutan ang pisikal na pagdistansya. Kung ang mga upuan, bangko o espasyo sa pagtayo ay ginagamit, ang mga pagkakaayos at pangmarka ay

ipinuwesto para pahintulutan ang 6 na talampakang espasyo sa pagitan ng mga indibidwal o sa pagitan ng mga grupo ng sambahayan at iba pang mga grupo ng sambahayan o indibidwal.

- Kung naaangkop, ang mga pasilyo sa lugar na ginagamit para sa mga panlabas na kaganapan ay itinalaga na isang direksyon na daanan (one-way) lamang para suportahan ang pisikal na pagdistansya.
- Nirekumpigura na ang mga podium, plataporma at iba pang mga lugar ng tagapagsalita para pahintulutan ang hindi bababa sa 6 na talampakan sa pagitan ng mga tagapagsalita.
- Ang mga mikropono at podium ay dapat na linisin sa pagitan ng mga tagapagsalita.
- Ang mga kawani ay inatasan para magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa isa't isa sa lahat ng mga lugar ng site.
- Ang birtuwal na akses ay iniaalok, kung posible, sa mga bisita na nagnanais na lumahok ngunit nasa mataas na panganib kung malalantad sa COVID-19.
- Ang mga pagsasaayos ay ipinuwesto para gawing ligtas na magamit ng mga dumadalo ang mga banyo sa mga panlabas na kaganapan ng pangangampanya. Maaaring maglagay sa lugar ng portable na panlabas na banyo at hugasan ng kamay at/o upang gawing magagamit ang panloob na banyo. Kung ang mga panloob na pasilidad ay magagamit, ang mga sumusunod na pag-iingat ay ipinuwesto.
    a. Isang tukoy na ruta ang minarkahan mula sa panlabas na lugar na ginagamit para sa kaganapan hanggang sa panloob na lokasyon ng mga banyo.
    b. Tape o iba pang mga pangmarka ay ginagamit para siguruhin ang pisikal na pagdistansya kung ang mga dadalo ay dapat na pumila para gumamit ng banyo.
    c. Ang mga dumadalo ay hinihikayat na gumamit ng banyo kapag kinakailangan lamang habang idinaraos ang kaganapan para maiwasan ang paninikip sa dulo.
    d. Ang mga pasilidad ng banyo ay nasa gumaganang pagkakaayos at nilagyan ng sapat na sabon at minsanang gamit na mga tuwalya para pahintulutan ang inaatas na paghuhugas ng kamay.
    e. Ang mga pasilidad ng banyo ay kinumpigura para pahintulutan ang pisikal na pagdistansya sa labas ng mga napaderang kubiko.
    f. Ang isang taong kawani (o mga taong kawani kung may higit sa isang pagpipilian na panloob na banyo) na may suot na isang telang pantakip ng mukha ay nakapuwesto sa pasukan ng banyo ngunit hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa pinakamalapit na dumarating o umaalis na tao para subaybayan ang paggamit ng mga pantakip ng mukha at subaybayan ang pag-okupa.
    g. Ang mga kawani ay inatasan para magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa isa't isa sa lahat ng mga lugar ng site, kabilang ang anumang mga panloob na pinagtatrabahuang lugar.

Pinahihintulutan ngunit Hindi Inirerekomenda

Ang pakikipag-ugnay na "door to door" ay bumabagsak sa kategoryang ito. Mahalaga na ang sinumang mga kawani o boluntaryo na gumagawa ng "door to door" ay alam ang mga panganib na nauugnay sa

pakikihalubilo sa mga indibidwal na labas sa kanilang sambahayan na maaaring walang suot na pantakip ng mukha. Ang mga kawani na lumalahok sa mga aktibidad na ito ay dapat na wastong sinanay para sumunod sa mga sumusunod na aksyon:

- Manatiling hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa indibidwal na binibisita at sinumang iba pang mga tao na inyong nakakahalubilo habang ikaw ay naglalakad ng "door to door".
- Magsuot ng pantakip ng mukha sa kabuuan ng pakikipag-ugnayan. (Ang mga taong hindi makapagsusuot ng pantakip ng mukha dahil sa medikal na dahilan ay dapat na hindi magsagawa ng mga pagbisita sa bahay)
- Manatili sa labas ng bahay sa kabuuan ng pagbisita. Ipaliwanag sa indibidwal na hindi ka pinapayagan na pumasok sa kanilang tahanan at nagpapanatili ng distansya upang panatilihin silang ligtas.
- Huwag makipagkamay. Limitahan ang iyong pagbati sa isang pasalitang pagpapakilala.
- Iwasang magbigay ng materyales tulad ng mga polyeto o mga pamigay (giveaways). Kung ikaw ay magpapasa ng materyales, siguruhin na magtanong kung ang indibidwal ay magiging interesado muna na tanggapin ang materyales. Kung magpapasya sila na ayaw nila ang materyales pagkatapos tanggapin ito mula sa iyo, sabihan silang itapon ito; huwag na muli itong kunin.
- Magdala ng hand sanitizer at siguruhin na gamitin ito pagkatapos na makontak ang madalas na hawakang ibabaw tulad ng mga pihitan ng pinto, hawakan, at timbre ng pinto o doorbell.
- Kung ang indibidwal na sumasagot sa pinto ay walang suot na maskara o mask at/o tila may mga sintomas, ipaalam sa kanila na ikaw ay babalik sa susunod na araw at padalhan sila ng impormasyon sa paraang elektroniko o sa pamamagitan ng email.

Alamin kung saan makakakuha ng maaasahang impormasyon

Mag-ingat sa mga panloloko, huwad na balita at panloloko na pumapalibot sa novel coronavirus. Ang tamang impormasyon, kabilang ang mga anunsyo ng mga bagong kaso sa LA County, ay palaging ipinamamahagi ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng mga press release, social media, at aming website. Ang website na ito ay may mas maraming impormasyon sa COVID-19 kabilang ang Mga Madalas na Katanungan (FAQs), infograpika at isang gabay sa pagkaya sa stress, pati na rin mga payo sa paghuhugas ng kamay.

- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (LACDPH, County)
  - http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/
  - Social media: @lapublichealth

Ang iba pang mga maaasahang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa novel coronavirus ay ang:

- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (CDPH, State)
  - https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/nCOV2019.aspx
- Mga Sentro sa Pagkontrol at Prebensyon ng Sakit (CDC, National)
  - http://www.cdc.gov/coronavirus/novel-coronavirus-2019.html

Kung mayroon kang mga katanungan at gustong maliwanagan tawagan ang Los Angeles County Information line 2-1-1 na magagamit 24 na oras sa isang araw.